

Republic of the Philippines
 Department of Education
 Region XI
 Division of Butuan
 San Carlos District
MATALANG CENTRAL ELEMENTARY SCHOOL

QUARTER 1 SUMMATIVE TEST NO. 3

Mga Layunin	CODE	Bahagdan	Bilang ng Aytan	Kinalalagyan ng Bilang
Naisasagawa ang mga hakbang na makatutulong sa pagbuo ng isang desisyon sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa pasya ng bawat tao sa isang pamayanan.		50%	10	1-10
Naisasagawa ang mga tamang hakbang na makatutulong sa pagbuo ng isang desisyon na makabubuti sa pamilya sa paggamit ng impormasyon ng telebisyon o radyo.		50%	10	11-20
Kabuuan		100	20	1 – 20

GRADE 6 – ESP

www.guroako.com

Department of Education
Region XI
Division of Butuan
San Carlos District
MATALANG CENTRAL ELEMENTARY SCHOOL

ESP 6

Summative Test No. 3

www.guroako.com

Name: _____ Date: _____ Score: _____

I. Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

- _____1. Dumalo si Mario sa isang pagpupulong sa kanilang barangay. Napansin niyang ang kanyang mga katabi ay maingay at hindi nakikinig. Kung ikaw si Mario, ano ang iyong gagawin?
- a. Sigawan sila b. Pagsabihan silang tumahimik at makinig
c. Paalisin sila d. Huwag silang pansinin
- _____2. Nagkaroon ng panukala ang iyong barangay kapitan na magkaroon ng "clean- up drive" sa darating na linggo. Ano ang iyong magiging pasya?
- a. Ipagwalang-bahala ito b. Pagtawanan ang panukala
c. Sumang-ayon pero hindi makilahok d. Makilahok at makiisa
- _____3. Pinagpasyahan ng inyong barangay na magkakaroon ng "curfew hour" sa inyong lugar. Bilang isang mamamayan susunod ka ba?
- a. Oo dahil ito ay tama at nararapat b. Oo dahil ito ang gusto nila
c. Hindi dahil gusto kong gumala d. Hindi dahil sila lang ang may gusto
- _____4. Napansin mong hindi binibigyan ng halaga ng tagapulung ang opinyon o ideya ng iyong kapitbahay, ano ang magiging aksyon mo?
- a. Huwag kumibo at hayaan lang siya.
b. Biglang tumayo at sabihan ang tagapulung.
c. Tawagin ang pansin ng tagapulung na pakinggan ang opinyon ng kapitbahay.
d. Pagtawanan ang kapitbahay dahil hindi pinansin ng tagapulung
- _____5. May ibinigay na imbitasyon ang barangay para sa iyong mga magulang na nag-aanyaya na dumalo sa isang drug symposium. Ano ang gagawin mo?
- a. Itago ang liham b. Ibigay ito sa mga magulang
c. Punitin ang liham d. Itapon ito sa basurahan
- _____6. May ordinansang ipinagbabawal ang paggala ng mga alagang hayop ngunit ang iyong alagang kambing ay nakawala nang hindi sinasadya. Ano ang iyong gagawin?
- a. Ipaalam sa kinauukulan upang ito ay maibalik.
b. Hayaang gumala ang iyong alagang kambing.
c. Habulin at saktan ang alaga.
d. Tingnan lang habang nakawala.
- _____7. May ibinigay na ayuda ang barangay sa mga tao. Ang ilan sa iyong nasasakupan ay hindi nakatanggap. Bilang presidente ng iyong purok, ano ang nararapat mong gawin?
- a. Hayaan lamang ang mga hindi nabigyan ng ayuda.
b. Paasahin sa wala ang iyong mga nasasakupan.
c. Pumunta sa barangay kapitan at sabihin ang suliranin.
d. Ipagsawalang bahala ito.

- _____8. Tuwing malakas ang ulan nakakaranas ng baha ang inyong lugar. Bilang isang mag-aaral, ano ang maiaambag mo upang maiwasan ang pagbaha?
- Linisin ang inyong paligid sa pamamagitan ng pagtapon ng mga basura sa tamang lugar.
 - Hayaan ang problema sa mga kinauukulan.
 - Itapon ang mga basura kahit saan.
 - Ipagsawalang bahala at huwag makialam.
- _____9. Sa inyong barangay mayroon internet café na malapit sa inyong paaralan. May ordinansa ang barangay na hindi pwedeng mag-internet ang mga bata sa oras ng klase. Ngunit ipinagwalang bahala ito ng may-ari. Bilang isang magulang ano ang dapat mong gawin?
- Pabayaan mo lang at huwag makialam.
 - Ipagbigay alam sa barangay upang ito ay maaksyonan.
 - Ipost sa social media ang naturang internet café.
 - Pagalitan ang may-ari ng internet café.
- _____10. May pagpupulong sa barangay nila Josie tungkol sa bagong ordinansa na ipapatupad sa araw ng Linggo ngunit hindi ito alam ng kanyang mga kapitbahay. Kung ikaw si Josie, ano ang gagawin mo?
- Hayaan lamang na wala silang alam.
 - Sabihan sila pero sasabihing sa Lunes ang pagpupulong.
 - Magkibit balik at walang alam.
 - Pagsasabihan sila na may pagpupulong sa Barangay sa araw ng Linggo

II. Panuto: Isulat sa patlang ang salitang Tama kung wasto ang pahayag at Mali kung hindi wasto.

- _____11. Napanood ni Mang Tomas na malakas ang bagyong Ambo na parating sa kanilang lugar, ngunit ayaw niyang lumikas dahil maiiwan ang mga alaga niyang hayop.
- _____12. Pinuntahan ni Margarita ang istasyon ng radyo na nagbalita ng maling pangyayari na naganap kahapon. Isinalaysay niya ang totoong nangyari.
- _____13. Hindi naniwala ang nanay ni Lourdes sa balitang walang pasok ang kaniyang anak kahit na narinig niya sa radyo ang balita.
- _____14. Hinayaan lang ng magulang ni Carla na manood siya ng TV kahit na ang palabas ay hindi akma sa kaniyang edad.
- _____15. Agad pinagkalat ni Mang Berting ang balitang narinig niya sa radyo na may aswang na gumagala sa kanilang lugar kahit hindi pa ito napatunayan.
- _____16. Laging ginagabayan ni Ginoong Gomez ang kaniyang mga anak sa panonood ng mga palabas sa telebisyon.
- _____17. Dahil sa paalala ng PAGASA na narinig ni Mang Gardo sa radyo na posibleng magkaroon ng baha sa kanilang lugar, kaya sila ay agad na lumikas.
- _____18. Pinapaalalahanan ng mga tagapaghatid – balita na ang palaging paggamit ng cellphone ay nakakasama sa kalusugan kaya dapat gamitin lang ito sa nakalaang oras.
- _____19. Mayroong balita tungkol sa nalalapit na vaccination ng mga bata mula apat na taon pababa kung kaya't agad mo itong ipinaalam sa kanila.
- _____20. Ang pamilya Alcantara ay hindi basta-basta bumibili ng gamot na hindi nireseta ng doktor sa kadahilanang lagi nilang napapanood sa telebisyon ang paalala ng mga eksperto.

SUMMATIVE TEST 3 ANSWER KEY:

I.

- 1.B
- 2.D
- 3.A
- 4.C
- 5.B
- 6.A
- 7.C
- 8.A
- 9.B
- 10.D

II.

- 11.Mali
- 12.Tama
- 13.Mali
- 14.Mali
- 15.Mali
- 16.Tama
- 17.Tama
- 18.Tama
- 19.Tama
- 20.Tama